Mga Bagay na Matagpuan Mo Nawang Nakakubli sa Aking Tainga

Mosab Abu Toha

Para kay Alicia M. Quesnel, MD

I

Tuwing bubuksan mo aking tainga, haplusin itong
marahan.
Tinig ng aking ina tumitining sa kaloob-looban.
Boses niyang pumapailanlang na umaakay manumbalik ang aking panunulay
kung ako'y nahihilo sa tuwinang pagninilay.

Marahil matatagpuan mo ang mga awit sa Arabya,
mga tula sa Ingles na binibigkas sa aking pag-iisa,
o ang kantang pananambitan ko sa mga humuhuning ibon sa aming bakuran.

Tuwing tatahiin mo ang sugat, huwag kalimutang ilapat sa aking tainga itong lahat.
Ibalik sila ayon sa pagsasalansan sa iyong istante ng mga aklat.

II

Ang hugong ng drone,
F-16 na dumadagundong,
ang palahaw ng mga bombang nangalaglag sa kabahayan,
sa sakahan, at sa mga katawan,
mga raketeng nagliliparan—
palayain ang aking munting lagusan ng pandinig mula sa kanila.

Isaboy ang halimuyak ng iyong mga ngiti sa tinistis na sugat.
Iturok sa aking kaugatan ang awit ng buhay nang ako'y magkaulirat.
Marahang ikumpas ang tambol upang makipagsayaw ang diwa ko sa iyo,
aking manggagamot, araw-gabi.

Translated into Filipino by Stefani J Alvarez